# *Huwag Magsinungling Yugto 2*

***"11 Huwag kayong magnanakaw; ni magdadaya, ni magsisinungaling ang sinoman sa iba."***
***(Levitico 19:11 KJV)***

Ang pagsasabi ng di buong katotohanan o pagtatago ng ilan sa katotohanan ay isang kasinungalingan. Magpapatuloy tayo sa mensaheng ito upang talakayin ang masasamang epekto ng pagsisinungaling at ang masamang pagkakasangkot nito sa buhay ng mga tao.

Pag-aaralan natin ang sumusunod na pangyayari mula sa buhay nina Isaac at Rebekah, ***"1 At nagkagutom sa lupain, bukod sa unang pagkakagutom na nangyari ng mga araw ni Abraham. At naparoon si Isaac kay Abimelech, na hari ng mga Filisteo sa Gerar. 2 At napakita ang Panginoon sa kaniya, at nagsabi, Huwag kang bumaba sa Egipto; matira ka sa lupaing aking sasabihin sa iyo: 3 Matira ka sa lupaing ito, at ako'y sasa iyo, at ikaw ay aking pagpapalain; sapagka't sa iyo at sa iyong binhi ay ibibigay ko ang lahat ng lupaing ito, at pagtitibayin ko ang sumpang aking isinumpa kay Abraham na iyong ama; 4 At aking pararamihin ang iyong binhi na gaya ng mga bituin sa langit, at ibibigay ko sa iyong binhi ang lahat ng lupaing ito: at pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; 5 Sapagka't sinunod ni Abraham ang aking tinig, at ginanap ang aking bilin, ang aking mga utos, ang aking mga palatuntunan at ang aking mga kautusan. 6 At tumahan si Isaac sa Gerar." (Genesis 26:1-6 KJV)*** Dito ay makikita natin nang maliwanag na kasam ni Isaac ang Dios at tinuturuan siya kung paano pamahalaan ang taggutom na pinahintulutan Niyang mangyari sa kanyang buhay. Tiniyak ni Dios kay Isaac na hindi niya kailangang bumaba sa Egipto kundi manatili sa lupain ng Canaan at sa lugar kung saan siya naroon sa Gerar; na kailangan niyang manatili at mamalagi doon at Siya ay sasakanya at pagpapalain siya. Gayundin, ang lugar na iyon, ang lupain ng Canaan, ibibigay ni Dios sa kanya at sa kanyang mga inapo tulad ng ipinanata ng Dios kay Abraham, ang kanyang ama. Higit pang Niyang tiniyak na padadamiin Niya ang kanyang salinlahing tulad ng mga bituin sa Langit, at ibibigay sa kanila ang lupain ng mga bayan na nasa lupain ng Canaan dahil si Abraham, ang kanyang ama, ay sumunod sa tinig ng Dios at tinupad ang Kanyang mga utos. Basahin pa natin kung paanong kumilos si Isaac pagkatapos ng lahat ng mga pangako ng Dios at ang Kanyang mga katiyakan sa kanya:

***"7 At tinanong siya ng mga taong tagaroon tungkol sa kaniyang asawa; at sinabi niya, Siya'y aking kapatid; sapagka't natakot na sabihin, Siya'y aking asawa: baka ako'y patayin, aniya, ng mga taong tagarito, dahil kay Rebeca; dahil sa siya'y may magandang anyo." (Genesis 26:7 KJV)*** Dito ang mga tao ng lugar na iyon, nang tinanong siya tungkol sa kanyang asawa, hindi inamin ni Isaac sa kanila ang katotohanan kundi siya'y nagsinungaling, na si Rebekah ay kanyang kapatid dahil siya'y natatakot na ang mga tao ng Gerar ay papatayin siya upang kunin ang kanyang asawa dahil siya'y maganda. Nagsinungaling siya upang protektahan ang kanyang sarili. Kaya nasaan ang kanyang pagtitiwala sa Dios at sa lahat ng mga pangako na ginawa ng Dios para sa kanya? Ngunit siya'y umasa sa mga kasinungalingan na ang mga kasinungalingang iyon ay magliligtas sa kanya at magpoprotekta sa kanya. Kinuha niya ang parehas na ginawa ng kanyang amang si Abraham. Kaya't kailangan nating maging maingat na kung tayo'y mabubuhay na umaasa sa mga kasinungalingan upang pagpalain at pasaganain tayo, ang panganib nito, ay hindi lamang ang mga kasinungalingan ay hindi tayo popoproktehan at ilalagay tayo sa mga problema at pati na rin ang mga kasama natin, kundi pati na rin ang ating mga anak ay maaaring gumawa at sumunod sa parehong paraan ng pagsisinungaling upang protektahan ang kanilang sarili, at iyon ay magdudulot ng mga problema sa kanila.

Ngunit ayaw ni Dios na magpatuloy ang ganitong mga kasinungalingan sa buhay ni Isaac, at darating ang Dios upang linisin siya mula sa mga ito. Basahin natin kung paano nilinis ng Dios si Isaac mula sa kasinungalingan na ginawa niya tungkol sa kanyang asawang kapatid na babae. ***"7 At tinanong siya ng mga taong tagaroon tungkol sa kaniyang asawa; at sinabi niya, Siya'y aking kapatid; sapagka't natakot na sabihin, Siya'y aking asawa: baka ako'y patayin, aniya, ng mga taong tagarito, dahil kay Rebeca; dahil sa siya'y may magandang anyo. 8 At nangyari nang siya'y naroong mahabang panahon, na dumungaw si Abimelech, na hari ng mga Filisteo sa isang durungawan, at tumingin, at narito't si Isaac ay nakikipaglaro kay Rebeca na kaniyang asawa. 9 At tinawag ni Abimelech si Isaac, at sa kaniya'y sinabi, Narito, tunay na siya'y iyong asawa: at bakit sinabi mo, Siya'y aking kapatid? At sumagot sa kaniya si Isaac, Sapagka't sinabi ko, Baka ako'y mamatay dahil sa kaniya. 10 At sinabi ni Abimelech, Ano itong ginawa mo sa amin? hindi malayong ang sinoman sa bayan ay nakasiping sa iyong asawa, at sa gayon ay pinapagkasala mo kami. 11 At ibinilin ni Abimelech sa buong bayan, na sinabi, Ang gumalaw sa lalaking ito o sa kaniyang asawa ay tunay na papatayin. 12 At si Isaac ay naghasik sa lupaing yaon, at umani siya ng taong yaon, ng tigisang daan at pinagpala siya ng Panginoon." (Genesis 26:7-12 KJV)*** Ipinakita ng Dios ang kasinungalingan ni Isaac sa hari ng Gerar, na tinawag si Isaac at sinaway siya sa kanyang ginawa, dahil siya ay nararapat sa ganitong pagsaway upang maituwid, malinis at maibalik sa magandang plano na inihanda ng Dios para sa kanya. Matapos siyang ituwid ni Abimelech at ipaliwanag sa kanya ang maaaring panganib ng kanyang kasinungalingan, tinitiyak nitong siya ay nasa mabuting proteksyon at hindi kinakailangan gumawa ng ganoon, at inutusan ang kanyang mga tao na kung sino man ang humawak kay Isaac o sa kanyang asawa ay papatayin. Nang matiyak si Isaac,

nagpatuloy siyang manatili sa parehong lugar at nagtanim at nakatanggap siya sa parehong taon ng sandaang ulit na ani. Sa parehong paraan, kapag ikaw ay pinagpala at mabuti ang iyong kabuhayan, ngunit umaasa ka pa rin sa mga kasinungalingan upang matiyak ang iyong buhay at kabuhayan, hindi ipapahintulot ng Dios na magpatuloy ka sa ganoon, kundi gagawa Siya ng paraan na dumating at sawayin ka at ipaliwanag sa iyo ang masasamang epekto ng iyong mga kasinungalingan upang maibalik ka sa magandang plano na mayroon ang Dios para sa iyo.

***"1 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2 Kung ang sinoman ay magkasala, at sumuway sa Panginoon, na magbulaan sa kaniyang kapuwa tungkol sa isang habilin, o sa isang sanla, o sa nakaw, o pumighati sa kaniyang kapuwa, 3 O nakasumpong ng nawala, at ipagkaila at sumumpa ng kasinungalingan; sa alin man sa lahat ng ito na ginawa ng tao ng pinagkakasalahan: 4 Ay mangyayari nga, na kung siya'y nagkasala at naging salarin, na isasauli niya ang ninakaw, o ang nakuha sa pagpighati, o ang habiling inihabilin sa kaniya, o ang bagay na nawala sa kaniyang nasumpungan, 5 O anomang bagay na kaniyang sinumpaan ng kabulaanan; na isasauli niyang buo, at daragdagan pa niya ng ikalimang bahagi niyaon: sa may-ari ibibigay niya sa araw na pagkasumpong sa kaniya na siya'y may kasalanan. 6 At dadalhin niya sa Panginoon ang kaniyang handog dahil sa pagkakasala, isang tupang lalake na walang kapintasan na kinuha sa kawan, ayon sa iyong pagkahalaga, at ibibigay sa saserdote na pinakahandog dahil sa pagkakasala: 7 At itutubos sa kaniya ng saserdote sa harap ng Panginoon; at siya'y patatawarin tungkol sa alin mang kaniyang nagawa, na kaniyang pinagkasalahan." (Levitico 6:1-7 KJV)*** Narito ang isa pang masamang epekto ng mga kasinungalingan kapag ang isang tao ay hindi tapat at kumukuha ng mga bagay na pag-aari ng iba at ginagamit ang mga ito para sa kanyang sariling kapakinabangan, at nagsisinungaling at mandaya upang takpan ang kanyang makasalanang gawain. Ang ganitong tao kapag nahuli ay kinakailangang magbayad ng pangunahing halaga na kanyang kinuha at magdagdag ng isang ika-limang halaga at ibigay ito kasama ng pangunahing halaga sa taong kanyang kinuhaan. Sa ganitong paraan, siya ay gagawa ng mabuti at makatarungan sa paningin ng Dios at siya ay mapapatawad sa kasalanang kanyang ginawa.

Tatalakayin natin ang isa pang kwento na nagpapakita ng mapaminsalang epekto ng mga kasinungalingan sa mga gumagawa nito. Basahin natin ang mga kaganapan sa kamatayan ni Saul sa laban sa mga Filisteo: ***"1 Ang mga Filisteo nga ay lumaban sa Israel: at ang mga lalake sa Israel ay tumakas sa harap ng mga Filisteo, at nangabuwal na patay sa bundok ng Gilboa. 2 At hinabol ng panunod ng mga Filisteo si Saul at ang kaniyang mga anak; at pinatay ng mga Filisteo si Jonathan, at si Abinadab, at si Melchisua, na mga anak ni Saul. 3 At ang pagbabaka ay lumubha laban kay Saul, at inabutan siya ng mga mamamana; at siya'y totoong nahirapan dahil sa mga mamamana. 4 Nang magkagayo'y sinabi ni Saul sa kaniyang tagadala ng sandata, Bunutin mo ang iyong tabak at palagpasan mo ako niyaon; baka dumating ang mga hindi tuling ito at ako'y palagpasan, at ako'y kanilang pahirapan. Nguni't ayaw ang kaniyang tagadala ng sandata; sapagka't siya'y totoong natakot. Kaya't kinuha ni Saul ang kaniyang tabak, at nagpakabuwal sa kaniyang tabak. 5 At nang makita ng kaniyang tagadala ng sandata na si Saul ay patay, siya naman ay nagpakabuwal sa kaniyang tabak, at nagpakamatay na kasama niya. 6 Gayon namatay si Saul, at ang kaniyang tatlong anak, at ang kaniyang tagadala ng sandata, at ang lahat niyang mga lalake nang araw na yaon na magkakasama." (1 Samuel 31:1-6 KJV)*** Malinaw na nakasaad dito, ***"Saul ang kaniyang tabak, at nagpakabuwal sa kaniyang tabak. 5 At nang makita ng kaniyang tagadala ng sandata na si Saul ay patay, siya naman ay nagpakabuwal sa kaniyang tabak, at nagpakamatay na kasama niya."*** Kaya't nakita ng kanyang tagadala ng baluti na siya'y patay na dahil sa epekto ng tabak na ginamit ni Saul upang sinadyang tumama sa kanya. May isa pang kwento tungkol sa kamatayan ni Saul na inaangkin ng ibang tao at nakasulat ito sa Bibliya, ***"1 At nangyari, pagkamatay ni Saul, nang magbalik si David na mula sa pagpatay sa mga Amalecita, at tumahan si David na dalawang araw sa Siclag; 2 Ay nangyari, sa ikatlong araw, na narito, ang isang lalake ay lumabas sa kampamento na mula kay Saul na hapak ang kaniyang suot, at may lupa ang kaniyang ulo: at nagkagayon, na nang dumating siya kay David, ay nagpatirapa at nagbigay galang. 3 At sinabi ni David sa kaniya, Saan ka nanggaling? At kaniyang sinabi sa kaniya, Sa kampamento ng Israel ay tumakas ako. 4 At sinabi ni David sa kaniya, Ano ang nangyari? isinasamo ko sa iyo na iyong saysayin sa akin. At siya'y sumagot: Ang bayan ay tumakas sa pakikipagbaka, at karamihan sa bayan naman ay nangabuwal at nangamatay; at si Saul at si Jonathan na kaniyang anak ay nangamatay rin. 5 At sinabi ni David sa binata na nagsaysay sa kaniya: Paanong nalalaman mo na si Saul at si Jonathan na kaniyang anak ay patay? 6 At sinabi sa kaniya ng binatang nagsaysay, Sa isang pagkakataon ay napasa bundok ako ng Gilboa, narito, si Saul ay nagpakabuwal sa kaniyang sibat; at, narito, hinahabol siyang mainam ng mga karo at ng mga mangangabayo. 7 At nang siya'y lumingon, kaniyang nakita ako, at tinawag niya ako, at ako'y sumagot: Narito ako. 8 At sinabi niya sa akin, Sino ka? At ako'y sumagot sa kaniya, Ako'y isang Amalecita. 9 At kaniyang sinabi uli sa akin, Tumayo ka sa siping ko, isinasamo ko sa iyo, at patayin mo ako, dahil sa dinatnan ako ng panglulumo; sapagka't ang aking buhay ay lubos ko pang taglay. 10 Sa gayo'y tumayo ako sa siping niya, at aking pinatay siya, sapagka't talastas ko na siya'y hindi mabubuhay pagkatapos na siya'y nabuwal: at aking kinuha ang putong na nasa kaniyang ulo, at ang pulsera na nasa kaniyang kamay, at aking dinala rito sa aking panginoon. 11 Nang magkagayo'y tinangnan ni David ang kaniyang mga suot at pinaghapak; at gayon din ang ginawa ng lahat na lalake na kasama niya:" (2 Samuel 1:1-11 KJV)*** Ang

kwento ng lalaking ito tungkol sa pagakamatay ni Saul ay iba sa ating nabasa na nangyari na si Saul ay namatay sa sarili niyang tabak. Dito, sinasabi ng lalaking ito na si Saul ay namatay sa sarili niyang tabak at tinawag siya at humiling na itayo siya at patayin siya, at ginawa niya ito dahil sigurado siyang hindi siya mabubuhay pagkatapos mabuwal, at pagkatapos ay kinuha niya ang pulseras na nasa kanyang braso at ang korona na nasa kanyang ulo at dinala ang mga ito kay David, tinatawag si David na ***"panginoon ko"***, na para bang siya ay gumawa ng isang serbisyo kay David at nais ang kanyang paglingap sa pagpatay kay Saul na dating hari at ngayon ay bukas na ang daan para kay David upang magkaroon ng kaharian. Ang sinabi ng lalaking ito ay isang pekeng kwento, plinano niya ito upang makuha ang paglingap ni David at upang makuha ang gantimpala mula sa kanya. Bakit ito peke? Dahil malinaw na nakasaad sa ***1 Samuel 30***, kung paanong namatay si Saul dahil nabuwal siya sa sarili niyang tabak at saksi ang kanyang tagapagdala ng tabak. Yaong Amalekita na dumating na may ibang kwento ay malamang na dumating sa eksena at nakita si Saul na patay na, kaya't kinuha niya ang pulseras na nasa kanyang braso at ang korona na nasa kanyang ulo at pumunta kay David na humihingi ng gantimpala. Maliwanag na ang sinabi niyang kwento ay isang uri ng kasinungalingan, kaya't tingnan natin kung ano ang kanyang nakuha mula sa mga kasinungalingan na kanyang sinabi. ***"11 Nang magkagayo'y tinangnan ni David ang kaniyang mga suot at pinaghapak; at gayon din ang ginawa ng lahat na lalake na kasama niya: 12 At sila'y tumangis, at umiyak, at nagayuno hanggang sa paglubog ng araw, dahil kay Saul, at dahil kay Jonathan na kaniyang anak, at dahil sa bayan ng Panginoon, at dahil sa sangbahayan ng Israel; sapagka't sila'y nangabuwal sa pamamagitan ng tabak. 13 At sinabi ni David sa binata na nagsaysay sa kaniya, Taga saan ka? At siya'y sumagot: Ako'y anak ng isang taga ibang lupa, na Amalecita. 14 At sinabi ni David sa kaniya, Bakit hindi ka natakot na iunat mo ang iyong kamay na patayin ang pinahiran ng langis ng Panginoon? 15 At tinawag ni David ang isa sa mga bataan, at sinabi, Lumapit ka, at daluhungin mo siya. At kaniyang sinaktan siya, na anopa't namatay. 16 At sinabi ni David sa kaniya, Ang iyong dugo ay sumaiyong ulo; sapagka't ang iyong bibig ang sumaksi laban sa iyo, na nagsasabi, Aking pinatay ang pinahiran ng langis ng Panginoon." (2 Samuel 1:11-16 KJV)*** Siya ay ipinapatay dahil sa kasinungalingang sinabi kay David. Pinakinggan ni Haring David ang sinabi niya bilang pag-amin niya mismo upang patayin si Haring Saul, ang pinahiran ng Dios, kaya't pinatay siya ni David. Makikita dito kung paanong ang pagsisinungaling ay hindi maipagtatanggol ka kundi nagdadala ng mga problema at magiging sanhi ng iyong kamatayan.

Ito ay isang kasalanan at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.Ang pagsasabi ng mga kasinungalingan ay isa sa mga nakakahiyang kasalanan na maaaring gawin ng tao; ito ay pumipigil sa katotohanan at nagtatago at natatakpan ang mga malalang kasalanan laban sa Dios at sa Kanyang mga tao. Ang pagsisinungaling sa mga tao sa iyong lugar ng trabaho o kung saan ka nakatira ay isang kasalanan na bagay na maaari mong gawin at talagang nakakaabala ito sa iyong pagkatao at labis na nakakaapekto sa mabutng relasyon sa pagitan mo at ng iba. Mas masahol pa ang sitwasyon kung ikaw ay nagsisinungaling sa loob ng komunidad ng mga mananampalataya, ang simbahan. Basahin natin ang sumusunod na tunay na kwento sa Bibliya: ***"1 Datapuwa't isang lalake na tinatawag na Ananias, na kasama ng kaniyang asawang si Safira, ay nagbili ng isang pag-aari, 2 At inilingid ang isang bahagi ng halaga, na nalalaman din ito ng kaniyang asawa, at dinala ang isang bahagi, at inilagay sa mga paanan ng mga apostol. 3 Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Espiritu Santo, at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng lupa? 4 Nang yao'y nananatili pa, hindi baga yao'y nanatiling iyong sarili? at nang maipagbili na, hindi baga nasa iyo ring kapangyarihan? Ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso? hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Dios. 5 At nang marinig ni Ananias ang mga salitang ito ay nahandusay at nalagot ang hininga: at sinidlan ng malaking takot ang lahat ng nangakarinig nito. 6 At nagsitindig ang mga kabinataan at siya'y binalot, at kanilang dinala siya sa labas at inilibing. 7 At may tatlong oras ang nakaraan, nang ang kaniyang asawa, na di nalalaman ang nangyari, ay pumasok. 8 At sinabi sa kaniya ni Pedro, Sabihin mo sa akin kung ipinagbili ninyo ng gayon ang lupa. At sinabi niya, Oo, sa gayon. 9 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro, Bakit kayo'y nagkasundo upang tuksuhin ang Espiritu ng PANGINOON? narito, nangasa pintuan ang mga paa ng mga nagsipaglibing sa iyong asawa, at kanilang dadalhin ka sa labas. 10 At pagdaka'y nahandusay sa paanan niya ang babae, at nalagot ang hininga: at nagsipasok ang mga kabinataan at nasumpungan siyang patay, at siya'y kanilang inilabas at inilibing siya sa siping ng kaniyang asawa." (Mga Gawa 5:1-10 KJV)*** Nang si Ananias at Safira ay nagsinungaling sa komunidad ng mga mananampalataya, ang simbahan, at lalo na nang nagsinungaling sila kay Apostol Pedro na namumuno sa simbahan, nagsinungaling sila sa Dios. Ang pagsisinungaling sa loob ng simbahan at lalo na sa tao na namumuno sa simbahan, ang pastor, ay nangangahulugang nagsisinungaling ka sa Banal na Espiritu na siyang Dios. Ang Dios ay sumasa Kanyang bayan sa simbahan sa anyo ng Banal na Espiritu. Kaya kapag nagsinungaling ka sa pastor ng simbahan at nagtago ng isang bagay mula sa kanya, nangangahulugan ito na nagsinungaling ka sa Banal na Espiritu na siyang Dios at ito ay isang mabigat na kasalanan.

Isinugo ng Panginoong Dios ang Kanyang Anak na ang Panginoong Jesucristo upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Namatay ang Panginoong Jesus sa krus para sa ating mga kasalanan. Siya ay inilibing, ngunit muling nabuhay sa ikatlong araw upang bigyan ng buhay na walang hanggan ang mga naniniwala sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga hakbang sa kanilang buhay. Matapos ang Kanyang pagkabuhay na muli, umakyat ang Panginoong Jesucristo sa Langit at Siya ay babalik muli upang dalhin ang mga sa Kanya. Ngayon,

kung Siya ay nagdusa ng ganito kalaking pagdurusa, Siya ay darating upang dalhin ang mga pusong dalisay at nakapaglinis mula sa kasalanan.

Ang pagsisinungaling sa loob ng simbahan at sa pastor ng simbahan ay nangangahulugan na hindi ka na kumikilos bilang anak ng Dios kundi bilang anak ng Diyablo. Ito ang sinabi ng Panginoong Hesus sa mga nagsisinungaling: ***"44 Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito." (Juan 8:44 KJV)***

Bakit parehong pumayag at nagsinungaling sina Ananias at Safira sa Dios? At bakit may mga tao na maaaring magsinungaling sa loob ng simbahan sa pastor at sa mga miyembro ng simbahan.

***1. Nagpapanggap ng pinakamataas na pangako:*** Ang ilan ay nagpapanggap na napakahalagang tao at nakatalaga kay Dios, ngunit kapag maingat mong sinuri ang kanilang buhay, makikita mong may mga bahagi pa rin ng kasalanan sa kanilang buhay na hindi pa isinusuko sa Dios. Ang mga relihiyosong tao ay nagpapanggap at nagsusuot ng maskara ng mataas na dedikasyon at sariling katuwiran, ngunit sa loob ay makikita mo ang kasalanan, katiwalian at makasalanang kalikasan ng lumang tao, ayon sa sinasabi ng Salita ng Dios: "1 ***"1 Datapuwa't alamin mo ito, na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib. 2 Sapagka't ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungayaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan, 3 Walang katutubong pagibig, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, mga mabangis, hindi mga maibigin sa mabuti, 4 Mga lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios; 5 Na may anyo ng kabanalan, datapuwa't tinanggihan ang kapangyarihan nito: lumayo ka rin naman sa mga ito." (2 Timoteo 3:1-5 KJV)***

***2. Kayabangan:*** Ipakumbaba ang iyong sarili at huwag magyabang. Lumikha ng kababaang-loob, aminin ang iyong kasalanan at humingi sa Dios na linisin ka. Si Ananias at Safira ay parehong alam na may itinagong sila na pera para sa kanilang sarili. Ngunit ang kanilang kayabangan ang nagtulak sa kanila upang magsinungaling dahil sila ay mahihiya kung mapapatunayan na hindi nila naibigay ang buong pera ng ari-arian sa simbahan. May isang tao sa kanilang harapan ay ipinagbili ang ari-arian na pag-aari niya at dinala ang buong pera at inilagay ito sa mga paa ng mga apostol. Nais nilang tularan siya at gawin ang pareho. Ang kanilang kayabangan ang nagtulak sa kanila upang magsinungaling upang magmukhang mataas. Huwag hayaan na ang iyong kayabangan ang magtulak sa iyo upang magyabang. Hindi mo kayang gawin ang malalaking bagay sa iyong sariling lakas. Magtiwala sa Dios at umasa sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu at itataas ka niya. ***"6 Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan; 7 Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya." (1 Pedro 5: 6-7 KJV)***

***3. Pinasaya nila ang mga kasinungalingan ng mga demonyo:*** Kung sila ay nagsisinungaling, nangangahulugan ito na si Satanas ay nasa kanilang mga puso. Sinasunod nila ang mga mapanlinlang na espiritu: ***"1 Nguni't hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonio, 2 Sa pamamagitan ng pagpapaimbabaw ng mga tao na nagsisipagsalita ng mga kasinungalingan, na hinerohan ang kanilang mga sariling budhi ng waring bakal na nagbabaga;" (1 Timoteo 4:1-2 KJV)*** Huwag sundan ang mapaglinlang na espiritu, at huwag dumepende sa nararamdaman ng iyong puso. ***"9 Ang puso ay magdaraya ng higit kay sa lahat na bagay, at totoong masama: sinong makaaalam? 10 Akong Panginoon, ay sumisiyasat ng pagiisip, aking tinatarok ang mga puso, upang magbigay sa bawa't tao ng ayon sa kanikaniyang lakad, ayon sa bunga ng kanikaniyang mga gawain." (Jeremias 17:9-10 KJV)*** Magtitiwala at umasa sa Salita ng Dios. Tanggihan ang mga kasinungalingan ng diyablo at ang maling damdamin ng iyong puso. Sundin nang eksakto ang Salita ng Dios. Sa pamamagitan nito, masisiguro mong ikaw ay gagawa ng tama at ikaw ay nasa ligtas na landas.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Sa ginawa nina Ananias at Safira, dinala ng Dios ang Kanyang paghuhukom sa kanila at ipinapatay sila, at sa ganitong paraan, dinala ng Dios ang Kanyang takot sa Kanyang simbahan. ***"11 At sinidlan ng malaking takot ang buong iglesia, at ang lahat ng nangakarinig ng mga bagay na ito." (Mga Gawa 5:11 KJV)*** Sana at ipanalangin kong ang mensahe ay nagdala ng takot sa Dios sa iyo. Kapag alam mong mali ang isang bagay, huwag mo itong gawin sa pagtukso sa Panginoon. Ang Dios ay hindi mananahimik, kundi lalabanan Niya ang iyong masasamang gawa. ***"Ni huwag din naman nating tuksuhin ang Panginoon, na gaya ng pagkatukso ng ilan sa kanila, at nangapahamak sa pamamagitan ng mga ahas." (1 Corinto 10:9 KJV)*** Mas mabuti para sa iyo na ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Sa pamamagitan nito matatagpuan mo ang habag at pasasaganain ka. ***"Huwag kayong mangagbubulaan sa isa't isa; yamang hinubad na ninyo ang datihang pagkatao pati ng kaniyang mga gawa," (1 Corinto 10:9 KJV)*** Magsisi sa

lahat ng iyong mga kasinungalingan dahil ang pagsasabi ng kasinungalingan ay pag-aari ng dating pagkatao na kailangan mong alisin mula sa iyong buhay upang makasunod ka kay Cristo at maging handa na sumama sa amin kapag si Jesus ay babalik upang dalhin tayo sa Langit, na itinatak sa iyong isipan na ang mga sinungaling kasama ang lahat ng uri nito ay magwawakas sa ikalawang kamatayan. ***"8 Nguni't sa mga duwag, at sa mga hindi mananampalataya, at sa mga kasuklamsuklam, at sa mga mamamatay-tao, at sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga mapagsamba sa diosdiosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan." (Pahayag 21:8 KJV)*** Manalangin tayo…..

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sas aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita sa akin at para sa iba't ibang Banal na Kasulatan na ipinakita s akin, at pinaliwanagan ang aking isipan tungkol sa seryosong epekto ng pagsisinungaling. Panginoon, salamat sa mga pagsaway na nagmumula sa iyong Salita at sa mga pagwawasto na natanggap namin sa mensaheng ito.*

*Lumapit ka sa Dios at ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang iyong mga kasinungalingan, ang iyong takot sa tao, ang iyong kakulangan ng pagtitiwala sa Dios. Ipagtapat at talikuran ang iyong panlilinlang at lahat ng iyong hindi katapatan. Ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga pekeng kwento at mga pinaghalong kwento. Ipagtapat at talikuran ang iyong kayabangan, pagmamataas at pagpapakitang gilas. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan ng takot sa Dios. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagiging makamundo at ang iyong pag-ibig sa mga materyal na bagay. Ipagtapat at talikuran ang iyong pag-uugnay sa mga hindi naniniwala, at sa pagkaalipin sa Media, Balita at mga laro. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios sa iyong Bibliya at ang iyong kakulangan sa panalangin. Panginoon, patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ____________________________.Panginoon,*

*Panginoon ngayon ay tinatalikuran ko ang lahat ng aking mga kasinungalingan. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na mamuhay ng banal sa iyong presensya at paglingkuran ka ng may dalisay na puso at malinis na kamay. Panginoon, alisin mo ako mula sa aking mga kasalanan at ibalik sa iyo at sa iyong paglilingkod. Panginoon, alalayan mo ako sa iyong biyaya at bigyan ako upang patuloy na makapaglingkod. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat sa aking mga Kapatid na nangasisi sa kanilang mga kasalanan, at nilinis ang kanilang mga sarili mula sa lahat ng kasinungalingan, panlilinlang at kawalang-katiyakan. Panginoon, patuloy mong alisin sila mula sa kanilang mga problema na inilgaya nila ang kanilang sarili at gabayan mo sila na mamuhay ayon sa iyong kalooban at mga plano. Panginoon, puspusuin mo sila ng Banal na Espiritu at gamitin mo sila upang paglingkuran ka at gawing mabuting patotoo sa iba upang sundan ka.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan. Panginoon, iniaalay namin ang aming mga sarili na mamuhay sa kabanalan at lumayo sa mga kasinungalingan at panlilinlang at ayon sa iyong Salita na tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon, gabayan mo kami, protektahan mo kami at bigyan kami ng kailangan namin upang magpatuloy sa buhay at ministeryo na nagtitiwala sa iyo ng lubos, ginagawa ang tamang desisyon na naaayon sa iyong kalooban at plano para sa amin. Panginoon, hinihiling namin na puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espiritual na kaloob na kailangan namin upang magpatuloy at mangaral, at makagawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa upang pumunta at magtanim ng higit pang mga pag-aaral sa Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, nananalangin kami para sa mas maraming taong mabautismuhan ng Banal na Espiritu. Panginoon ihanda mo kami para sa iyong pagbabalik na sumama sa iyo kapag bumalik ka. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com